

TULONG PINANSYAL SA KRAKEN COMMUNITY ICEPLEX

Ang One Roof Foundation ay tumutugon sa mga hadlang ng pakikilahok sa ice sports. Gumagawa kami ng isang komunidad na inilalagay ang pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, at pagsasama sa gitna ng aming mga pagsisikap para palaguin ang laro. Sa pamamagitan nito, pinapalawak namin sa lahat ng pamilya ang access sa mga programa ng aming pasilidad. Kami ay nakikipagsosyo sa mga paaralan at organisasyong pangkomunidad upang kumonekta sa mga pamilyang mababa ang kita at kabataang may kulay. Bahagi ito ng isang *holistic* na estratehiya upang bumuo ng isang pantay at inklusibong kultura ng *hockey* sa rehiyon.

Ang tulong pinansyal ay makukuha para sa mga sumusunod na programa sa Kraken Community Iceplex:



LEARN TO SKATE

Idinisenyo ang *Kraken Learn to Skate program* para tanggapin sa lugar ng ice rink ang mga estudyanteng walang nakaraang karanasan sa *ice skating* o *hockey*. Ang 8-linggong programa ay magpopokus sa mga pangunahing konsepto ng *skating* upang maibuti ng mga estudyante ang kanilang balanse at koordinasyon sa yelo habang natututo rin sila kung paano mag-skate.



LEARN TO PLAY

Matapos kumpletuhin ang *Learn to Skate program*, sasali ang mga estudyante sa *Learn to Play program*, kung saan ipapakilala sila sa mga pangunahing kasanayan sa *ice hockey*. Kasama rito ang pagtira, pagpasa, at *stickhandling*, habang ipinapatuloy rin ang kanilang pagsasanay sa pag-skate. Magsisimula rin lumahok ang mga estudyante sa mga malilit na laro habang patuloy silang magtatrabaho para sa kabuuang pag-unlad bilang mga manlalaro ng *hockey*.



EMERALD EDGE

Ang *Emerald Edge* ang aming *bridge program* para sa mga *skater* na nakatapos ng *Learn to Skate* at gustong tumuloy sa *Figure Skating*. Ginagamit naming ang *Aspire Program* ng US Figure Skating, at dinadagdag din namin ang enerhiya at kapaligiran naming sa Kraken. Makikipagtrabaho ang mga *skater* kasama ng aming grupo ng mga propesyonal na coach upang matuto at maipabuti ang kanilang kasanayan sa pagtalon, pag-ikot, transitions, at marami pang iba!



JR SQUID

In-house na programang pag-unlad para sa 5-9 taong gulang na bata upang maihanda sila para sa Jr. Kraken League play. Ipapangkat ang mga manlalaro batay sa edad, at sila ay magpapraktis nang dalawang beses sa isang linggo (weeknight + weekend). Tatlong opsyon ang pagpipilian:

- Buong season (Setyembre-Marso)
- 1/2 season Panahon ng Taglagas 2022 (Setyembre- Disyembre)
- 1/2 season Taglamig 2023 (Enero-Marso)



JR KRAKEN

JR KRAKEN

Mapagkumpitensyang paglalaro bilang bahagi ng *Metropolitan Hockey League* para sa may karanasang 8U, 10U, 12U at 14U na manlalaro. Itatalaga ang mga manlalaro sa naaangkop na koponan batay sa edad at antas ng kasanayan.

- Season: Kalagitnaan ng Setyembre hanggang kalagitnaan ng Marso
- Pagsasanay: dalawang beses sa isang linggo tuwing karaniwang araw, pagkatapos ng klase sa paaralan



CAMPS & CLINICS

Ang mga camps ay nagbibigay ng kakaiba, sariwa at nakatutuwang pagkakaton para maibuti ang kasanayan. Ang mga kalahok ay magkakaroon ng pagkakataong sumubok ng mga bagong teknik, maghasa ng kasalukuyang kasanayan, makihalubilo sa ibang mga bata, at matuto mula sa aming mga kwalipikadong instruktur.



Lahat ng mga bagong kalahok Kraken Community Iceplex ay dapat magsimula sa *Learn to Skate class* bago tumuloy sa iba pang mga programa.
Ang *One Roof Foundation* ay nakatuon sa pagtulong sa pinakamaraming aplikante hangga't maaari. Dulot ng malaking bilang ng mga aplikasyon at limitadong mapagkukunan, hindi namin magagawang magbigay ng pondo sa lahat ng mga aplikante.
Ang mga gawad ay limitado sa mga kalahok na wala pang 18 taong gulang.



SCAN TO APPLY